1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Reading and Literacy

Kuwarter 1

Linggo 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Reading and Literacy 1**
**Kuwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Jerome C. Hilario
**Tagasuri ng Nilalaman:** Aisa Veronica D. Pintor
**Tagasuri ng Wika:** Giovanni C. Duran
**Tagaguhit:** Mark D. Petran
**Tagalapat:** Dorely Eliza D. Pobletin

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

## Week 8 – Day 1

**Tasks/Questions:**

**Panuto:** Bilugan at pagdikitin ang mga salitang may kasing tunog.

Pen Pen de Sarapen

Pen pen de sarapen,

de kutsilyo de almasen

Haw, haw de carabao batutin

Sipit namimilipit ginto't pilak

Namumulaklak sa tabi ng dagat.

Sayang pula tatlong pera

Sayang puti tatlong salapi

**Assessment:**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang larawang nagsisimula sa tunog na **/Pp/**.















**Panuto:** Kulayan ang kahon na may mga salitang nagsisimula sa **/Rr/.**

| | |
|---|---|
| raketa | kastilyo |
| manok | riles |
| rosas | sapatos |
| silya | radio |
| papel | reyna |

**Panuto:** Ikabit ang larawan sa angkop na pangalan nito.

 •

 •

 •

2 •

• damo

• damit

• dahon

• dalawa

## Week 8 – Day 2

**Tasks/Questions:**

**Panuto:** Basahin ang maikling kwento at sagutan ang mga sumusunod na tanong.

May mga holen si Homer.

Inilagay ni Homer ang mga holen sa kaniyang bulsa. Naku! Butas pala ang bulsa ni Homer. Hinanap niya ang mga holen. Ayun! Nasa hardin pala ang mga holen.

Mga Tanong:

1. Saan inilagay ni Homer ang mga holen?

   ______________________________________

   ______________________________________

2. Ano ang nangyari sa mga holen? Bakit?

   ______________________________________

   ______________________________________

3. Ano kaya ang gagawin ni Homer sa mga holen?

   ______________________________________

   ______________________________________

**Assessment:**

**Panuto:** Lagyan ng  ang tamang salita na tumutukoy sa larawan.



pari

hari



hayop

gamit



hito

hipon



halaman

gulaman



laso

holen



ilaw

hikaw

**Panuto:** Bilugan ang salita na nagsisimula sa /Hh/.

| | | |
|---|---|---|
| Helen | maso | hikaw |
| bata | sago | hilaw |
| hito | taho | daga |
| tuko | Hugo | hanga |

**Panuto:** Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.

Ang Magtataho

Si Hugo ay magtataho. Habang naglalakad siya sa kalye ay nakapulot siya ng hikaw. Nadaanan niya ang kaibigan niyang si Helen na nagtitinda ng hito.

Nagkumustahan ang magkaibigan. Nalaman ni Hugo na nawawalan ng hikaw si Helen. Agad niyang ibinalik ang kanyang napulot. Tuwang-tuwa si Helen na naibalik ang nawawalang hikaw sa kanya.

Mga Tanong

1. Sino ang magtataho?

   ______________________________

2. Ano ang napulot ni Hugo sa kalye?

   ______________________________

3. Sino ang nadaanan ni Hugo?

   ______________________________

4. Ano ang nawawala ni Helen?

   ______________________________

5. Kung ikaw si Hugo, ibabalik mo ba ang napulot mong hikaw kay Helen? Bakit?

   ______________________________

   ______________________________

## Week 8– Day 3

**Tasks/Questions:**

**Panuto:** Basahin ang maikling kwento at sagutan ang mga sumusunod na tanong.

Magkakaibigan sina Wali, Wili at Wena. Sila ay nawiwili sa paglalaro ng sungka. Masaya ang mga bata sa paglalaro. Nag-aaral din sila nang mabuti. Nakakatuwa sina Wali, Wili at Wena.

Mga Tanong:

1. Ibigay ang pangalan ng magkakaibigan.

   ______________________________________________

2. Saan sila nawiwili?

   ______________________________________________

3. Bakit sila hinahangaan?

   ______________________________________________

**Assessment:**

**Panuto:** Bilugan ang mga larawang nagsisimula sa /Ww/.













**Panuto:** Pumili ng 2 o 3 pantig sa loob ng kahon upang mabuo ang pangalan ng mga nasa larawan.

| |
|---|
| la ta wa lo ka li wat lis |













**Panuto:** Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.

## Ang Punong Bayabas

Si Willy ay nasa ilalim ng punong bayabas. Tumingala siya at Nakita niya ang tatlong hinog na bunga nito. Natuwa siya sa kanyang nakita. Dali-dali siyang umakyat sa puno. Pinitas niya lahat ng hinog na bayabas. Pagbaba niya sa puno, nakita niya parating si Wacky, ang kanyang pinsan. Ibinahagi niya ang pinitas na bunga sa kanyang pinsan. Tuwang-tuwa silang nagsalo sa hinog na bayabas.

Mga Tanong:

1. Sino ang nasa ilalim ng puno?

   ___________________________________

2. Ano ang kanyang ginawa?

   ___________________________________

3. Ilan ang nakita niyang hinog na bayabas?

   ___________________________________

4. Sino ang nakita niyang paparating?

   ___________________________________

5. Kung may pagkain ka, ibabahagi mo rin ba ito gaya ng ginawa ni Willy?

   ___________________________________

   ___________________________________

## Week 8 – Day 4

**Assessment:**

**Panuto:** Bilugan ang letrang Cc sa bawat salita.

carrot Carlo

Carol cactus

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang larawang nagsisimula sa /c/.






